



COVID-19: Mga Rekomendasyon para sa Mga Pasilidad ng Pagkain

Inirerekomenda ng Programa sa Kaligtasan sa Pagkain ang mga sumusunod na hakbang sa pag-iingat para maprotektahan ang kalusugan ng publiko at maiwasan ang pagkalat ng mga pathogen tulad ng novel coronavirus (COVID-19):

MAGHUGAS NG KAMAY




- Ugaliing maghugas ng kamay nang madalas gamit ang sabon at maligamgam na tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo sa anumang pagkakataong maaari kang mahawaan, gaya ng **bago** magsimula ng trabaho, humawak ng pagkain at mga surface na pinagpapatungan ng pagkain, maghain ng pagkain, magsuot ng mga bagong guwantes, kumain/uminom, at **pagkatapos** umubo, bumahing, suminga, gumamit ng palikuran, humawak ng pera, humawak sa buhok at mukha, kumain/uminom, at humawak ng mga surface na madalas gamitin tulad ng mga hawakan, gripo, hawakan ng pinto, surface na pinagpapatungan ng pagkain, at kagamitan/kubyertos para sa self-service.
- Magpanatili ng supply ng liquid soap at paper towel sa mga lababong hugasan ng kamay sa lahat ng oras.
- Gumamit ng guwantes na disposable at latex-free kapag naglilinis ng mesa, kapag naghuhugas ng pinggan, o kapag sa palagay mo ay puwede kang mahawaan.
- Hindi matutumbasan ng paggamit ng mga guwantes at sanitizer ang wastong paghuhugas ng kamay kapag humahawak ng pagkain.
- Iwasang hawakan ang mga mata, ilong, at bibig gamit ang hindi nahugasang kamay.
- Huwag makipagkamay.
- Ilagay ang hand sanitizer sa accessible na lugar para sa paggamit ng customer.

MAGLINIS, MAG-SANITIZE, AT MAG-DISINFECT NG MGA KUBYERTOS AT SURFACE




- Gumamit ng aprubadong sanitizer sa paghuhugas, pagbabanlaw, at pagsa-sanitize ng mga kubyertos, panluto, pinggan, at mga surface sa paghahanda ng pagkain.
- Gumamit ng aprubadong disinfectant alinsunod sa mga tagubilin ng manufacturer para madalas na mag-disinfect ng mga hinahawakang surface tulad ng mga palikuran, pinto, gripo, mesa, atbp. Kung gagamit ng bleach, maghanda ng solution gamit ang 5 kutsara ng bleach kada galon ng tubig.
- Gumamit ng mga disposable na guwantes kapag nagdi-disinfect ng mga kubyertos at mga surface na madalas hawakan. Maghugas ng kamay at magsuot ng bagong guwantes bago humawak sa malilinis na kubyertos.
- Kapag posible, bawasan ang paggamit ng mga lugar para sa self-service (ibig sabihin, mga dispenser ng pagkain/inumin, salad bar, buffet, kiosk sa pag-order, menu, lugar ng bentahan, atbp.) at ang paggamit ng mga kubyertos para sa self-service. Kung maaari, hayaan ang mga empleyado na magserbisyo sa customer sa mga ganitong lugar. Inirerekomenda ang mga kubyertos at baso na isang-beso na gamitan lang.
- Sumangguni sa listahan ng Ahensya sa Pagprotekta sa Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) ng mga aprubadong disinfectant na epektibong panlaban sa COVID-19:
https://www.epa.gov/sites/production/files/2020-03/documents/sars-cov-2-list_03-03-2020.pdf



MAGTAKIP KAPAG UUBO O BABAHING

- Takpan ang iyong bibig ng tissue kapag umuubo o bumabahing ka, pagkatapos ay itapon ang tissue sa basurahan. Kung wala kang tissue, subukang umubo o bumahing sa gilid ng iyong braso.

MANATILI SA BAHAY KUNG MAY SAKIT AT MAGHANDA NG PLANO KUNG MAGKAKASAKIT



- Manatili sa bahay, huwag pumasok sa trabaho o paaralan, at huwag pumunta sa mga aktibidad kung may sakit.
- Pauwiin kaagad ang mga empleyadong may sipon o may mga sintomas na katulad sa trangkaso. Hikayatin ang mga empleyadong may sakit na manatili sa bahay. Gumawa ng mga patakaran sa sick leave na sumusuporta rito.
- Magpatupad ng patakaran sa kalusugan ng empleyado at suriin nang regular ang patakaran kasama ang mga empleyado. Gumawa ng backup na plano upang maghanda para sa mga empleyadong hindi makakapasok at simulan ang cross training.
- Iwasan ang malapit na contact sa mga taong may sakit o posibleng may sakit.
- Magplano kung paano ninyo aalagaan ang isang may sakit na miyembro ng pamilya nang hindi kayo magkakasakit.

MANATILING MAY ALAM



- <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html>
- <https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus.asp>
- I-text ang COVID19SF sa 888-777 para mag-sign up para sa bagong sistema ng alerto ng Lungsod.
- Tandaan, ang mga rekomendasyong ito ay posibleng magbago dahil mabilis ding nagbabago ang katayuan ng COVID-19 sa San Francisco at sa rehiyon.